BAGO-PRIMARYA

Public education
**Discover a world of opportunities**

# PAGBASA: PAG-AARAL SA TAHANAN

## ANG PAGBASA NA KASAMA NG IYONG ANAK AY MAHALAGA!

Ang iyong anak ay nagkakaroon ng mga mahahalagang kasanayan sa maagang pagbasa sa pamamagitan ng laro at maraming pakikipag-usap. Himukin niyo ang iyong anak na siyasatin ang sari-saring mga aklat at pambatang tula, at hikayatin ang iyong pamilya at mga kaibigan na magbasa kasama ng iyong anak.

Ang pagbasa ay nagpapakita sa iyong anak na ang mga kuwento ay may simula, gitna at katapusan, at matutulungan sila na maunawaan ang mga tunog at anyo ng mga salita.
Habang ang iyong anak ay nag-aaral at sumulong sa paaralan, nagtitiwala siya sa mga ganitong kasanayan para magpabuti ng pakikisalamuha, pati ang mga pansariling kasanayan at pag-uunawa.

Kailangan ang sapat na panahon upang maging marunong sa pagbabasa. Ang araw-araw na pag-uusap at pagsiyasat ng mga aklat kasama ng iyong anak ay makakatulong sa kanyang pagkakahilig sa pagbasa.

**Ano ang aking magagawa?**

Maraming mga maagang kasanayan sa pagbasa ang kailangan paunlarin ng iyong anak upang siya ay maging may tiwalang mambabasa. Kasama dito ang mga kasanayan sa pagsasalita at pakikinig, pag-aaral tungkol sa mga tunog at mga salita, at ang pagbabahagi ng mga aklat.

Maraming matutunan ang iyong anak sa pamamagitan ng pagbasa. Makakasama sa laro ang pagsisiyasat, pagtutuklas, pagkukunwari, paglalarawan sa diwa, pagpapatayo, paglilikha at paggagawa.

Subukan niyong:

- maglaan ng panahon para makipag-usap sa iyong anak at makinig sa kanyang mga sinasabi
- maglaro ng mga kagaya ng mga pagkukunwaring laro, larong ahedres, “I Spy” at mga simpleng larong gumagamit ng baraha
- magkasama sa mga aktibidades katulad ang pagpupunta sa zoo, pamamasyal sa parke, pagtitingin sa mga karatula, paggagawa ng mga listahan ng mga bibilhin at paggugupit ng mga salita at larawan.

**Gamitin ang iyong lokal na aklatan**

Ang mga aklatan ay tagong-kayamanan para sa mga batang mambabasa - na may malawak na hanay ng mga aklat, CD, DVD, magasin at komiks. Ang pamimisita sa aklatan sa iyong lugar ay napakagandang paraan upang:

- ibahagi sa iyong anak ang kahalagahan ng mga aklat at ang pagbasa
- isama ang iyong pamilya sa palagiang mga gawaing pagbasa
- maghanap ng mga paboritong may-akda at taga-guhit ng iyong anak
- gumamit ng mga mapagkukunan (resources) na maaaring wala sa iyong bahay, kagaya ng mga kompyuter
- Sumali sa mga pambakasyong gawain

**Mga mababasang aklat**
***Hairy Maclary and friends*** **ni Lynley Dodd**
***Owl babies*** **ni Martin Waddell**
***Who sank the boat?*** **ni Pamela Allen**
***Meerkat mail*** **ni Emily Gravett**
***Wombat goes walkabout*** **ni Michael Morpurgo**

Department of Education

**Matutunghayan ang marami pang mga pahina ng pag-aaral sa tahanan sa education.wa.edu.au**

© Department of Education, Western Australia, 2015